

# KIAN

KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS

# KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

## Pagdiriwang para sa mga Kabataan (Seijin shiki)

成人の日を祝うつどい

328

Nananawagan sa lahat ng mga magdaraos ng kani-kanilang ika-20 taong kaarawan sakop mula ika-2 ng Abril 2007 hanggang ika-1 ng Abril 2008. Ito ay programang pagkilala at pagtanggap sa kanila bilang isang malaya at responsableng miyembro ng Lipunan at mamamayan ng Kawasaki. Ito rin ay magsisilbing simula ng pag-asa at pangarap tungo sa pamumuhay sa Lipunan, ipagdiriwang ito sa ika 14 ng Enero {Seijin no hi wo Iwau tsudoj} sa Nakahara ward, Todoroki Arena.

Ang oras at programa sa pagtitipon ay depende sa distritong tinitirahan. Ang mga taga-Saiwai, Nakahara at Takatsu ward ay magbubukas ng alas 10 ng umaga at mag-uumpisa mula 10:30 hanggang 12:00 ng tanghali. Ang taga-Kawasaki, Miyamae, Tama at Asao ward ay magbubukas ng ika-1 at mag-uumpisa ng ika-1:30 ng hapon hanggang alas 3 ng hapon.

May mga taga-salinwika sa Ingles, Intsik at Koryano kung kaya't huwag mag-atubiling magsabi sa araw na ito. Tumawag sa Shimin Kyoku Seishonen Ikusei Ka 044-200-2669 para sa detalye.



## Tamagawa Riverside Marathon

多摩川リバーサイド駅伝

329



Nangangailangan ng mga Kalahok sa gaganaping [2008 Tamagawa Riverside Ekiden] na idaraos sa Saiwai ward Furochiba Athletic Stadium malapit sa Ilog ng Tamagawa nitong ika-16 ng Marso (Linggo) 2008.

Ang mga Kalahok ay tinatayang tatakbo ng 3km-2km-1km-3km apat na bahagi na may total 9kilometros para sa (Short section) 2km-1km-2km-1km apat nabahagi na may 6kilometros para sa (Family section), 10km-5km-3km-3km-5km limang bahagi na may total na 26 kilometros [Long section]

Ang bayad sa pagsali sa bawat team ay ¥7,000 para sa Short section, ¥6,000 para sa Family at ¥12,000 para sa Long section. Ang deadline ng pagsali ay hanggang ika-8 ng Pebrero 2008.

Sa mga detalye at Aplikasyon, makipag-ugnayan sa Kyoiku In kai Sports ka 044-200-3245.

## Libreng Tiket sa Laro ng NEC Womens' Volleyball


NEC 女子バレーボール市民無料招待

330

Magbibigay ng libreng tiket para sa 100 kataong nais manuod ng labanang [V League] women's volleyball sa ika-16 ng Pebrero (Sabado) at ika-17ng Pebrero (Linggo) kung saan kalahok ang women's volleyball team na binuo at galing sa Kawasaki Hometown development partner na ang [NEC Red Rockets]

Magpadala ng inyong aplikasyon sa pamamagitan ng Reply-paid postcard (oufuku hagaki) hanggang ika-29 ng Enero (deadline) Isulat ang pangalan, taon at tirahan ng lahat ng nais dumalo, pangalan ng representatibo at araw na nais daluhan. Sa reply card naman ay isulat ang pangalan at tirahan ng representatibo bago ipadala sa: 210-8577 Kyouiku In Kai Sports Ka. Maaaring mag-aplay ng may 4 katao sa isang poskard.

Tumawag para sa detalye sa Kawasaki In Kai Sports ka: 044-200-3322.



# PAUNAWA

ハローワーク川崎移転の案内

Ang "Hello Work Kawasaki" ay lilipat sa bagong lokasyon mula ika-26 ng Nobyembre

Lugar: Kawasaki-ku Minami-cho 17-2

Telepono:044-244-8609 Fax:044-233-4343

Mapa papunta sa bagong Hello Work Kawasaki:



## Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon

Mag-uumpisa na sa ika-20 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot makapasok sa bansa. Ang sinumang tatangi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.

Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyaes, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala at sakop ng batas.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

## Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



**Silid**—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki  
〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/